# Nanlaban

**Mayette M. Bayuga**

N A N L A B A N

Naaalala bawat isa, tunay na di malilimutan

Andre na iskolar ng mga pari sa Sta. Donata

Nanding na ay na ano nang guwapo mandin

Leondivino nga kada adlaw naghabal-habal

Amboy na di nakilala kaniyang Kanong ama

Boyet angas lagi wasak pero wagas mainlab

Ayyy … ilan lang sila sa libo-libong wala na

N A N L A B A N

## ANDRE, ANDRE, ANO'NG ASSIGNMENT MO

"DON'T ME," SABI ko kay Andre nang magpaalam siya. Makikitulog daw sa mga pinsan namin sa tenement, dito rin sa Sta. Donata. Makikigamit daw siya ng computer. "Baka mag-games lang kayo magdamag," sumbat ko.

"Assignment talaga, Ate," sagot niya.

"Iyang mga pinsan mong iyan, ha. Huwag na huwag kong mababalitaang may kung anong kalokohan kayong ginawa," sumbat ko.

Kilalang-kilala ko ang mga pinsan naming iyon, panay menor de edad din, 14, 16, 17 pero nasangkot na sa kung ano-anong kalokohan. Naroong nakipagrambulan sa mga batang kalye sa may riles, nanilip ng mga boarders sa tenement, at minsan ding nambato ng bus sa Quirino Avenue. Tunay na barkadahan sa babag. Lumaki kasing walang gabay dahil napilitang mag-abroad ang tiyang namin nang mabiyuda.

"Wala po, Ate, kailangan ko lang talaga mag-research tungkol sa Christian doctrines," pakiusap ni Andre.

First year high school si Andre. Iskolar siya ng mga pari sa Sta. Donata Catholic School. Sa seminaryo na halos siya naglalagi pag walang pasok, tumutulong kina Father. Gusto ko nga sanang maging sakristan siya, kaya lang mas kailangan daw siya nina Father sa ibang gawain. Errand boy ba. Minsan, nagkukuskos siya ng sahig o tumutulong sa paglilinis ng kubeta. Okey lang iyon, ganu'n talaga dapat, para matuto. Walang gagawin kung nasa bahay kundi puro laro.

"O sige na, basta pagkatapos ng klase bukas, uwi ka kaagad ha," sabi ko. Bigla, parang gusto kong guluhin ang buhok niyang kumukulot sa dulo at lumalaglag sa kaniyang noo gaya nang madalas kong gawin noong bata pa siya. Cute na cute si Andre noong bata, mukhang anghel. Iyong kerubin ba, iyong nakapaligid sa Mahal na Birhen sa altar. Anghel nga siguro siya kasi kinaya kong buhayin siya noong panahong iyon, noong inabandona kami una ni Tatay, at kasunod si Nanay. Walong taon siya noon, kinse lang ako. Lahat ng kamag-anak namin ay hirap din sa buhay.

Aaminin ko, may mga pagkakataon noong tinatanong ko sa sarili ko kung bakit hindi ko na rin lang siya abandonahin. Hindi ko naman siya anak. Mahirap kumita ng pera. Maliit lang ang suweldo sa pagiging tindera. Talipapa, puwesto sa palengke, kiosk sa mall, bazaar, tiyangge, lahat napagtindahan ko na. Mga amo lang ang kumikita, kaming trabahador laging arawan, at laging gipit. Sa naging amo kong si Mr. Chungchangching, ni hindi kami puwedeng umupo noon. Nagkasakit pa ako sa bato dahil di puwedeng umihi habang nasa trabaho. Siguro kung nakatungtong ako kahit paano sa college, matatanggap akong salesgirl sa may pangalang department store, pero sa nababalitaan ko naman, pareho lang din ang buhay ng mga salesgirl doon sa buhay namin. Nasa class na lugar nga lang sila. Haaayy! Sarili ko nga lang hirap na akong buhayin may pasan pa akong Andre.

Kung may ipinaglaban man ako, siguro nga si Andre iyon. Sayang … sayang at nagpigil akong guluhin ang kaniyang buhok …

"Yey! Lodi ka talaga, Ate! Uuwi po ako agad bukas."

Hindi na siya nakauwi. Sa morge na kami nagkita. Pinagdikit ng natuyong dugo ang kulot-kulot niyang buhok na lumalaglag sa noo. Hindi ko na natingnan pa ang mga pinsan ko. Nawalan na ako ng lakas.

"Adik. User." Paulit-ulit idinidikdik sa aking utak ang mga salita. Hindi ko alam kung saan galing, kung sino ang nanunumbat.

Kilala sa tenement ang mga pinsan namin. Tinangka raw tumakas ng mga ito, nagpulasan sa magkakaibang direksiyon.

"Nanlaban," sabi ng mga pulis, kaya pinaputukan.

Hindi raw sana madadamay si Andre kung hindi na ito lumabas pa ng pinto, kung hindi na ito nagsisigaw pa: "Maawa po kayo! Hindi po sila mga adik!"

Nakaluhod daw ito nang barilin sa harap ng pinto.

"Ate Cel!" narinig sa buong tenement ang kaniyang huling sigaw.

## NANDING, NANDING, NAHIHIMBING

Tinititigan ni Tere ang kaibigan niya. Guwapo talaga si Nanding. Kaya nga sila naging best friends forever, kasi siya naman maganda. Mula Kinder hanggang ngayong Grade VI ay laging siya ang muse at ito naman ang escort sa klase. Sa barangay naman nila, lahat yata ng Santacruzan, beauty contest, at kung ano pang kailangan ang maganda't pogi ay sila ang magkapartner. Sila rin ang ipinapadala kung kailangan sa iba't ibang bayan sa kanilang probinsiya.

"Ang cute-cute mo mandin," laging sinasabi ng lahat kay Nanding.

"Mukha ka baya namang Sto. Nino."

"Ano nang kinis, ano nang puti, para bagang anak ng mayaman."

Ang totoo, minsan ay naiinggit siya. Kasi ito at hindi siya ang pinapansin ng mga tao, samantalang siya ang tunay na contestant ng eskuwelahan o ng barangay sa kung saan mang pageant at konsorte lang ito. Pero laging sinasabi nito sa kaniya na huwag siyang mainggit, dahil siya naman talaga ang star at hindi ito.

Siya lang ang totoong nakakaalam kung bakit ganu'n kapogi si Nanding, kahit wala naman itong pinagmanahan. Sa kaniya lang sinabi nito ang lihim daw ng buhay nito. Pero bago iyon, ipinataas muna nito ang kaniyang kanang kamay sabay "pramis" na hinding-hindi niya idadaldal kahit kanino ang lihim na iyon.

"Hindi mandin ako tunay na anak nina Tatay at Nanay. Napulot lamang nila ako."

"Ha? Ngani baga? Ha ay, bulaan ka wari!"

"Totoo. Tingni pa't hindi ko mandin kamukha sina Tatay at Nanay."

Simula pa man, tuwing pinipingot ang matangos nitong ilong o kinukurot ang maumbok at mapulang pisngi nito, marami nang nagbibiro kay Nanding na hindi ito tunay na anak. Ang layo kasi ng itsura nito sa lahat ng kapamilya. Minsan nga umiyak pa ito nang sabihan ng isang ale na iniwan lang ito sa harap ng bahay ng pamilya nito ng mga dayong galing Maynila.

"Halika, apakilala ta sa totoo kong pamilya." Isang linggo pa lang ang nakalipas

nang yayain siya ni Nanding. Magtatakipsilim na noon at alam niyang dapat na siyang umuwi, kaya lang nabatobalani siyang sumama sa kaibigan. Dinala siya nito sa may lumang balon kung saan sila laging naglalaro. Sinabi nitong titigan niya ang mga halaman sa kasukalan, dahil doon niya unang makikita ang mga kapamilya nito. Kasabay ng paglatag ng dilim ang pagsungaw ng mga bahagi ng isang mukha sa bawat dahon, bawat baging, bawat bato ...

Mamula-mulang pisngi ... kulot-kulot na buhok ... makinis na kutis ... unti-unting lumitaw ang mga bahagi ng mukha ... hanggang mabuo ang maraming-maraming mukha, lahat kamukha ni Nanding. Kinilabutan si Tere nang di niya maintindihan. May sariling lakas na kusang tumakbong palayo ang kaniyang mga paa.

"Tereee!" narinig pa niya ang tawag ni Nanding. Hindi niya ito nilingon. Sinagasa ng mga paa niya ang mabatong daan habang may liwanag pa ang papalubog na araw.

Kinabukasan sa eskuwelahan, sinabi ni Nanding na kung hindi sana siya umalis nakita niya ang pagdating ng mga duwende at lambana, tiyanak at aswang, kapre at tikbalang, at marami pang iba. Hindi raw kuwento lang ang mga iyon. At sila ang kapamilya nito.

Isang araw, sabi ni Nanding, isasama na raw ulit ito ng mga kapamilya sa kanilang mundo. Uuwi na ito.

"Paano yoon?" tanong ni Tere. "Maiyak wari sina Nanay at Tatay mo."

"Hindi man sila malulungkot. Di naman talaga ako mawawala ay. Parang matulog lamang baga ako nang mahimbing."

Sa pagtitig niya ngayon sa kaibigan, tingin ni Tere, mukhang himbing na himbing lang si Nanding. Kaya nga nakikitang ang pogi talaga nito. Gusto niyang isiping isinama na nga ito ulit ng mga kapamilya nito. Umuwi na ito, gaya ng sabi nito sa kaniya. Gusto niyang isiping hindi totoo ang sabi ng mga saksi sa nangyari kay Nanding at sa tatay nito, na niratrat sila ng bala ng mga pulis. Tulak daw ng droga ang tatay ni Nanding, mga estudyante pa sa Biac National High School sa bayan ang binibentahan. Natokhang na nga hindi pa rin tumigil. Naging collateral damage tuloy si Nanding. Hindi naiintindihan ni Tere kung ano ang collateral damage. Mas gusto niyang paniwalaan ang sabi ni Nanding na kapag umuwi ito sa sariling pamilya ay matutulog lang ito nang mahimbing na mahimbing.

## KAHAMBAL-HAMBAL SA HABAL-HABAL

Hindi alam ni Inday Saling kung paanong iiyak. Alas-sais ng hapon nang maghiwalay sila ni Leondivino. Gaya ng araw-araw nitong ginagawa, pinuntahan siya nito sa puwesto nila ng mga pasalubong sa Bankerohan. Bumili pa ito ng dalawang balot ng tinda nilang durian candy. Kilala na ito ng amo niya at kung minsan ay ginagawa na ring service ang habal-habal nito ng mga order na dapat i-deliver kung saan-saan.

Hindi na raw ito makababalik pa para sunduin siya at ihatid pauwi kapag nagsara sila dakong alas-siyete. Dumating daw ang kaibigan nitong taga-Maynila at pupuntahan nito sa Matina. Sinabi raw ng kaibigang magbubukas ng negosyo ang amo nito sa Davao at matutulungan itong makapasok na family driver gaya nito. Kung sakali raw … makakaipon na ito … maaari na silang magpakasal. Tinapik ito sa balikat ni Inday Saling. Kaikling pag-uusap sa alanganing oras ay naglatag ito ng mga pangarap para sa buhay nilang dalawa.

"Ayaw na paglaag," umiiling pang bilin niya. Alam naman niyang hindi iyon ugali ni Leondivino. Way bisyo. Ni hindi naninigarilyo. Siya lang ang bisyo nito, ingon sa nanay nito. Kahit na, dapat laging mag-ingat, ganiyang bali-balita ang mga pinatutumba raw ng tinatawag na death squad.

Ayaw man niyang aminin, di na niya nahahabol ng tingin ang habal-habal ng boyfriend, kiliting-kiliti pa rin si Inday Saling. Hindi niya napigilang makita ang sariling nakasuot ng puting-puting wedding gown. Butiktik sa puting bulaklak ang altar ng St. Paul's Church. Puti rin ang hawak niyang mga bulaklak. Puti ang mga laso, puti ang mga palawit, puting-puti ang buong paligid.

Puting-puti ang ulap nang makarating kay Inday Saling ang balita. Hindi niya alam kung paano siya iiyak. Paano siya maniniwalang namatay si Leondivino sa drug buy-bust operation?

Sa telebisyon na niya nalaman ang mga detalye. Ulat ng newscaster, nahulihan si Leondivino at ang kaniyang kasama ng limang sachet ng hinihinalang shabu, drug paraphernalia, at isang bungkos ng pinatuyong marijuana. Ipinakita ang backpack nito kung saan daw nakalagay ang mga nasamsam. May dalawang supot ng durian candy.

"Nanlaban." Kaya napilitang barilin ng mga pulis. Kung saan-saang bahagi ng katawan tumama ang mga bala.

"Hilak," payo ng lahat kay Inday Saling, ngunit nanatili siyang nakatitig sa kawalan. Madilim … madilim na madilim … kulay itim ang buong paligid.

## AMBOY, MY BOY

Nanaginip si Mela nang nagdaang gabi. Buntis daw siya at manganganak na. Kaya lang, hindi niya mahanap ang mga lamping inihanda niya para sa kaniyang sanggol. Kung saan-saang eskinita na siya napasuot, sinisipat ang bawat sampayan. Noon biglang nagkagulo, may sigawan, putok ng baril, pagsabog, iyakan … Namalayan na lang niyang impis na ang kaniyang tiyan at nagkalat ang dugo sa paligid. Pero walang sanggol. Hindi sanggol kundi pira-pirasong bahagi ng katawan ang kaniyang iniluwal. Nagkalat sa mga eskinita ang mga pira-pirasong bahagi–ulo, puwet, hinlalato, alak-alakan, mga hibla ng buhok …

Nagising siyang pawisan at humahangos. Agad niyang sinilip sa kinahihigan si Amboy. Katatapos lang ng huling trabaho nito bilang labor sa construction, kaya tambay muna ito. Mabuti na nga lang at malaking bulas ito at kayang magtrabaho nang mabigat. Napabuntonghininga siya. Hindi dapat ganoon ang buhay ng anak. Dapat ay papasok na ito ng Senior High School. Kaya lang ay hindi nila kakayahin ang gastos kung mag-aaral ito sa ngayon, dahil siya man, isang linggo na lang, endo na ulit. Kailangan na naman niyang mag-apply. Haay … nakasanayan pa naman na niya ang trabaho sa factory ng bra. Siyang sinasabing di biniyayaan dahil walang laman ang dibdib o flat ang suso, ay hasa na sa mga landi ng bra, gaya ng silicone pads, magic wire, at nipple cover. May mga bagong kahulugan na sa kaniya ang push ups, extenders, adhesives, minimizers, etsetera.

Sa buong araw na iyon ay puno siya ng agam-agam. Iniisip niya ang anak. Ayaw niyang tanggaping may nararamdaman siyang kutob. Pilit niyang ipinapasok sa isip ang panahong ipinaghehele pa lang niya ito. Dahil sa kabila ng lahat ng paghihirap, naging masaya ang mga panahong iyon. At bigla, kahit alam niyang malulungkot siya't masasaktan nang sobra-sobra, dinasal niyang sana totohanin ng ama ni Amboy ang sinabing kukunin ito at pag-aaralin sa Amerika. Papayag siya, madurog man ang puso niya, alang-alang sa ikagaganda ng buhay nito.

"Amboy, my boy," sabi raw ng ama nito. Sa internet nahanap ni Amboy si Peter Miller, kung saan din niya ito nakilala sa isang "dating & loving site" noong eighteen pa lang siya. Thirty-five ito noon, ang Amerikanong minahal at pinagtiwalaan niya; ang lalaking dumayo sa Pilipinas at nag-iwan ng maraming pangako. Sana, kung hindi man tinupad nito ang isa man sa mga pangako sa kaniya, inisip pa nga niya noong baka inayawan siya dahil flat ang kaniyang suso, sana tuparin nito ang pangako sa anak. Sana … sana …

Umaasa siya kahit napakalabo ng lahat. Kahit gusto niyang isiping pangakong gobyerno lang ang pangako ng ama nito, ibig sabihin isang matinding paasa lang. Naalala niya ang panahon ng kaniyang paglilihi't pagbubuntis, ang pangangasim ng sikmura, ang pagsusuka. Pero mas masakit ang alaala kung paano niyang hinarap ang galit ng mga magulang niya; kung paano niyang tiniis ang ugong ng tsismis at ang panlilibak ng mga akala niya'y kaibigan, pati na ng mga kakilala't kapitbahay. Kaya tinakasan niya ang kanilang probinsiya at nagbakasakali sa Maynila.

Nagmadali siyang umuwi nang hapong iyon. Gusto niyang makita ang anak, makausap, at mayakap. Matinding-matindi ang gayong pakiramdam. Mabuti na lang hindi siya nahirapang sumakay. Mabuti na lang hindi masyadong ma-traffic.

Pagdating pa lang niya sa kalye nila, ramdam na niyang may kakaiba. Nauna lang pala nang kaunti sa kaniya ang mga pulis. May operasyon daw, sasalakayin ang isa sa mga dikit-dikit na barumbarong sa kanilang eskinita na ginagamit daw na shabu

tiyangge at shabu den. Dingding lang ang pagitan nilang lahat, pero mahaba ang eskinita at datna't panawan ng mga nangungupahan ang mga kuwarto't silong ng bawat barumbarong. Hindi alam ni Mela kung aling silong ang pakay ng mga pulis. Alam niyang di maiiwasang may mga user at pusher sa kanilang magulong lugar, pero hindi niya inakalang may tiyangge roon ng droga.

Dumadagundong ang puso ni Mela. Kailangan niyang makauwi. Puno ng pulis ang tapat nila. Maaari siyang lumusot sa likod, babaybayin niya ang pasikot ng kanal mula sa tindahan sa kanto. Parang napakabigat ng kaniyang mga paa. Sunod-sunod ang mga putok, parang galing sa kanilang silong. Nasaan kaya si Amboy?

"Amboy!"

"Mela, Mela, si Amboy! Mela!"

Nagkalat ang utak ni Amboy sa sahig. Wala sa sariling dinakot iyon ni Mela. Wala sa sariling niyakap niya ang duguang katawan ng anak, ipinaghele sa kaniyang walang lamang dibdib.

## LOLA ANING

"Hesus ko alang-alang sa masaganang dugo na iyong ipinawis nang manalangin ka sa halamanan … ay kaawaan mo at patawarin ang mga kaluluwa sa purgatoryo … "

Nakatalungko sa harap ng kabaong si Lola Aning. Tapos na ang pasiyam sa apo niyang si Boyet. Kulang pa rin ang naipon niyang pampalibing. Nakahingi na siya kay Mayor sa tulong ni Kapitan, at may ilang boluntaryong nagbigay na Kagawad, pero salat na salat pa rin. At di maiwasang nabawasan na rin niya ang pera. Wala naman siyang iba pang pagkukunan para sa pangangailangan niya. Tanging sila na lang ng apo niya ang magkasama sa buhay. Ito ang sumusuporta sa kaniya.

Mangilan-ngilan na lang ang dumarating para makiramay, pero kahit paano may natatanggap pa rin siyang ambag. Patuloy ring nag-aabot sa kaniya ang mga nagsasakla. Hindi na lang niya pinapansin ang mga nagsasabing pinagkakakitaan pa niya ang bangkay ng kaniyang apo.

Gusto niya ng maayos na libing para kay Boyet. Iyon man lang makapagbalik kahit kaunti sa nalansag nitong dignidad. Gaya ng araw-araw nitong ginagawa, umalis ito ng bahay para pumasok sa trabaho sa pabrika ng patis at toyo sa Mataas na Kahoy, dalawang sakay galing sa kanila. Hindi ito umuwi noong gabing iyon. Naghintay siya, magdamag na hindi natulog. Wala siyang cellphone kaya kung may mahalagang gustong sabihin si Boyet ay nagti-text ito kay Doring, na anak ng kanilang kapitbahay. Wala raw itong text, sabi ni Doring.

"Baka naman may bagong nililigawan," alo ni Doring kay Lola Aning. Kilalang-kilala ni Doring ang kaibigang si Boyet, ang tindi ng angas nito tuwing may babaeng

nagugustuhan. "Nakipagwalwalan lang po siguro dahil Linggo naman bukas. Chill-chill lang po, 'La."

Kaya lang, alam din ni Doring na hindi pag-aalalahanin ni Boyet si Lola Aning. Ganu'n ito katindi magmahal, sa girlfriend man, sa kaniya bilang beshie nito, at sa lahat.

"Hindi ugali ni Boyet ang di umuwi. Kahit nakainom, minsan kahit lasing dahil basted daw, umuwi siya," buntonghininga ni Lola Aning.

Sa dami ng nangyayaring patayan sa paligid—mga bangkay na natatagpuang nakabulagta kung saan-saan, may hubad, may binalot ng diyaryo at packing tape, may pinira-piraso—sino ang hindi matatakot? Nang wala pa rin si Boyet kinabukasan, pumunta na si Lola Aning kay Kapitan. Kinontak ang pabrika nina Boyet at nalamang pangalawang araw na itong absent. Hindi alam ni Lola Aning kung ano'ng gagawin, kung ano'ng iisipin.

Nang hapon ding iyon, ibinalita ni Kapitang may nakitang bangkay sa may tulay ng Mataas na Kahoy, na siyang boundary nito at ng kanilang bayan. Nanginig ang buong katawan ni Lola Aning. Hindi siya nagdalawang-isip na sumama kay Kapitan sa puneraryang pinagdalhan sa bangkay.

Sinalubong siya ng nakasusulasok na amoy sa punerarya, kung saan niya inabutan ang bangkay ni Boyet kasama ng marami pang ibang bangkay. Ang ilan sa mga iyon, ilang araw o linggo nang nandoon, walang kamag-anakang naghahanap. Lahat sila, pati na si Boyet, natagpuang may katabing cardboard na may nakasulat na: "Adik. Pusher. Huwag tularan!"

"Hindi kahit kailan tumikim ng droga ang apo ko!" panaghoy ni Lola Aning.

Nananatiling nakatalungko si Lola Aning nang dumating si Doring kasama ang iba pang kapitbahay. Ipinasasabi raw ni Kapitan na ginawan na ng paraan ang paglilibingan kay Boyet. Isasama na lang daw ito sa nitso ng isang labinlimang taon nang nakalibing. Iaayos ang buto ng nauna at saka ilalagak si Boyet. Nasa ikalimang andana ito ng condominium type na mga nitso sa pampublikong sementeryo.

Napailing si Lola Aning. Ayaw sana niyang ganoon. Ayaw niyang may kasukob ang apo sa huling sandali. Pero papayag na siya. Sabi raw ni Kapitan, at alam din niya, iyon na ang pinakamabuting gawin. Bahala na, kakayanin na lang niyang akyatin ang hagdang kahoy na ginawa para maabot ang mataas na nitso, para makapagsindi man lang ng kandila pag dumalaw sa apo. Para makapahinga na si Boyet.

Gusto na ring magpahinga ni Lola Aning. Pero hindi … kahit matanda na siya, hindi siya magpapahinga.

Hindi kilala ni Lola Aning si Cel, si Tere, si Inday Saling, at si Mela, gayunman, pinag-iisa sila ng nadarama. Nanlaban … buhay ang salita sa kaloob-looban nila, nagkapira-piraso sa tindi ng lumbay, ng pagkasuklam, at ng di masagkaang galit—N … a … n …

LABAN!